

Gabay ng Magulang sa Proseso ng Admission, Review, at Dismissal

Enero 2025



THE TEXAS LEGAL FRAMEWORK
for the Child-Centered Special Education Process

FW.ESCAPPS.NET

TEA[®]
Texas Education Agency

TEA.TEXAS.GOV/TEXASSPED

SPEDTEX
Special Education Information Center

SPEDTEX.ORG

Mga Nilalaman

Pambungad	2
GABAY NG MAGULANG SA PROSESO NG ADMISSION, REVIEW, AT DISMISSAL	3
Early Childhood Intervention	3
Mga Serbisyo para sa mga Tatlo hanggang Limang Taong Gulang (bago pumasok sa kindergarten)	3
Tulong para sa Batang Nasa Edad ng Pagpasok sa Paaralan	3
Multi-Tiered System of Supports, Kasama ang Response to Intervention.....	4
Referral para sa Paunang Pagsusuri.....	4
Paunang Nakasulat na Paunawa	5
Pahintulot ng Magulang.....	5
Mga Pamamaraan ng Pagsusuri	6
Mga Meeting ng Komite ng Admission, Review, and Dismissal (ARD).....	7
Pagiging Kwalipikado	8
Pagbuo ng Individualized Education Program (IEP)	9
Mga Kasalukuyang Antas ng Academic Achievement at Functional Performance	10
Mga Taunang Mithiin	10
Special Education, Mga Kaugnay na Serbisyo, at mga Karagdagang Tulong at Serbisyo	11
Mga Pagtatasa ng Estado	11
Transition	11
Mga Estudyanteng Nasa Hustong Gulang	13
Mga Batang May Autism.....	13
Mga Batang Bingi o Mahina ang Pandinig.....	13
Mga Batang Bulag o May Kapansanan sa Pangingin	14
Behavioral Improvement or Intervention Plan (BIP)	14
Extended School Year Services (ESY)	14
Placement	15
Desisyon ng ARD Committee.....	15
Kopya ng IEP	16
Pagrerepaso ng IEP	16
Muling Pagsusuri (Reevaluation)	17
Independent Educational Evaluation (IEE)	17
Pagbawi ng Pahintulot para sa Mga Serbisyo.....	18
Pagtatapos (Graduation).....	18
Disiplina	19
Pinabilis na Kinakailangang Proseso ng Pagdinig (Expedited Due Process Hearing).....	21
Pagtutol sa Kapasyahan (Dispute Resolution).....	21
Karagdagang Tulong	21

Pambungad

Ang gabay na ito ay binuo ng Texas Education Agency (**TEA**) bilang tugon sa pangangailangan sa Texas Education Code §26.0081. Ang gabay na ito ay dinisenyo para bigyan ka, bilang magulang ng isang batang kwalipikado o maaaring kwalipikado para sa special education at mga kaugnay na serbisyo, ng mas mabuting unawa sa proseso ng special education at sa iyong mga karapatang pampamamaraan (procedural rights) at mga responsibilidad upang lubos kang makalahok sa proseso ng pagpapasya tungkol sa edukasyon ng iyong anak.

Ang Individuals with Disabilities Education Act of 2004 (**IDEA**) ay ang pederal na batas na namamahala sa proseso ng special education. Isa sa mga pangunahing layunin ng IDEA ay matiyak na ang batang may kapansanan ay may available na libreng naangkop na pampublikong edukasyon (free appropriate public education, (**FAPE**)) na nagbibigay-diin sa special education at mga kaugnay na serbisyo na idinisenyo upang tugunan ang kanilang mga natatanging pangangailangan at ihanda sila para sa karagdagang edukasyon, trabaho, at malayang pamumuhay. Ang *special education* ay nangangahulugang pagtuturo na tutugon sa natatanging pangangailangan ng isang batang may kapansanan. Ang *mga kaugnay na serbisyo* ay mga espesyal na serbisyong kailangan upang masuportahan ang special education ng mga estudyante upang makausad sila sa pagtugon sa kanilang mga mithiing pang-akademiko at functional. Maaaring kasama sa kaugnay na mga serbisyo ang mga serbisyong tulad ng occupational therapy, physical therapy, speech- language therapy, counseling services, orientation at mobility services, at/o transportation services.

Sa ilalim ng IDEA, mahalaga ang partisipasyon ng mga magulang sa bawat yugto ng proseso ng special education. Inilalarawan ng gabay na ito ang iba-ibang aktibidad na maaaring maganap sa prosesong iyon. Upang matulungan kang mas maunawaan ang iyong mga legal na karapatan sa ilalim ng IDEA, kinakailangan kang bigyan ng paaralan ng kopya ng isang dokumentong tinatawag na *Notice of Procedural Safeguards* ([Link: fw.escapps.net](http://fw.escapps.net)) sa ilang partikular na oras sa proseso ng espesyal na edukasyon. Dapat ibigay sa iyo ang dokumento nang kahit isang beses sa isang taon at kapag nangyari ang alinman sa mga sumusunod na situwasyon:

- Kapag ini-refer o kapag humiling ka ng paunang pagsusuri sa iyong anak;
- Kapag natanggap mo ang unang reklamo ng estado sa loob ng isang taong panuruan (school year)
- Kapag natanggap mo ang unang kahilingan para sa isang legal na proseso ng pagdinig sa isang taong panuruan;
- Sa araw na ginawa ang isang desisyon na gumawa ng isang disciplinary change of placement; at
- Kapag hiniling mo.

Kailangan ka ring bigyan ng paaralan ng isang dokumento na tinatawag na *Overview of Special Education for Parents* na form na ginawa ng TEA, na ibinibigay sa iyo kapag unang ni-refer ang iyong anak para sa pagsusuri sa special education.

Sa Texas, ang pagiging kwalipikado ng bata para sa special education at kaugnay na mga serbisyo at sa karamihan sa mga pangunahing desisyon tungkol sa programa ng special education ay ginagawa ng isang komite ng admission, review, at dismissal (**ARD**). Maaaring marinig mo rin na tinatawag ang grupong ito bilang isang individualized education program (**IEP**) team, na terminong ginagamit ng pederal na batas. Kung binuo ang isang ARD committee para sa iyong anak, magiging miyembro ka ng komiteng iyon.

Ia-update ang gabay na ito paminsan-minsan kapag nagkaroon ng mga pagbabago sa mga kinakailangan ng special education sa pederal at estado. Makukuha ang isang electronic version na maaaring i-print sa Region 18 Education Service Center webpage sa Legal Framework for the Child- Centered Special Education Process sa ([Link: fw.escapps.net](http://fw.escapps.net)).

Maraming petsa at deadline sa proseso ng special education. Inilalarawan sa publikasyong ito ang mahahalagang petsa at deadline na iyon. Bukod pa rito, available ang isang on-line na kasamang dokumento na tutulong upang masagot ang mga tanong tungkol sa mga timeline para sa isang pagsusuri sa special education. Ang *Special Education Full and Individual Initial Evaluation (FIE) Timeline* ay available dito ([Link: https://bit.ly/3V5feWG](https://bit.ly/3V5feWG)).

GABAY NG MAGULANG SA PROSESO NG ADMISSION, REVIEW, AT DISMISSAL

Early Childhood Intervention

Mayroong tulong para sa mga pamilyang may mga anak na sanggol at paslit na may pagkaantala sa paglaki. Ang ahensya sa Texas na nagbibigay ng mga serbisyong ito ng maagang interbensyon ay ang Texas Health and Human Services Commission. Ang programa para sa mga batang napakabata pa ay ang Early Childhood Intervention (ECI) program. Ang mga serbisyong ito ay para sa mga batang wala pang tatlong taong gulang.

Sa edad na tatlo, ang mga batang may kapansanan ay maaaring maging kwalipikado para sa special education at kaugnay na mga serbisyo. Kung magkagayon, ang school district ng bata ang responsable sa pagtiyak na magkaroon ng FAPE ang bata sa ikatlong kaarawan nito. Hindi lahat ng batang tumatanggap ng ECI services ay kwalipikado para sa mga serbisyong inilalaan ng isang pampublikong paaralan. Samakatuwid, hindi kukulangin sa 90 araw sa kalendaryo bago mag-tatlong taong gulang ang batang tumatanggap ng ECI services, isang meeting ang itatakda para tulungan ang pamilya sa paglipat mula ECI services tungo sa special education at kaugnay na mga serbisyo, kung angkop. Kung kwalipikado ang bata, kailangang ibigay ang special education at mga kaugnay na serbisyo sa bata pagsapit ng kanyang ikatlong kaarawan. Ang *Beyond ECI* ay isang publikasyon na naglalaman ng impormasyon sa paglipat mula sa programa para sa mga batang napakabata pa patungo sa special education. Ang lathalang ito ay matatagpuan sa [Link: bit.ly/35G7y3E](https://bit.ly/35G7y3E).

Ang mga batang kapapanganak pa lamang hanggang 3 taong gulang na nakakatugon sa kwalipikasyon bilang binti o mahina ang pandinig o bilang isang batang may kapansanan sa paningin ay may karapatan sa ECI at sa mga serbisyo ng special education mula sa isang pampublikong paaralan. Ang mga serbisyo ng special education ng pampublikong paaralan ay magdaragdag at makikipag-ugnayan sa pagbibigay ng mga serbisyo ng ECI sa mga batang ito.

Mga Serbisyo para sa mga Tatlo hanggang Limang Taong Gulang (bago pumasok sa kindergarten)

Available din ang tulong para sa mga kwalipikadong a batang nasa pagitan ng tatlo at limang taong gulang, at tinutukoy ang mga serbisyong iyon bilang mga serbisyo sa early childhood special education (ECSE). Ilan sa mga batang iyon ang nagsimulang tumanggap ng mga serbisyo sa edad na tatlo kapag lumipat sila sa mga serbisyo ng ECI tulad ng nabanggit sa itaas. Gayunpaman, sinusuri at tinutukoy ang iba batay sa iba pang referral, tulad ng mga kahilingan ng magulang kapag nag-aalala sila tungkol sa pag-aaral at pag-unlad ng anak nila. Ibinibigay ang mga serbisyo ng ECSE sa iba't ibang kapaligiran, at limitadong sitwasyon, may karapatan ang ilang bata sa dual enrollment sa isang setting ng pribadong paaralan at ng pampublikong paaralan kapag tatlo at apat na taong gulang na sila.

Tulong para sa Batang Nasa Edad ng Pagpasok sa Paaralan

Kung may alalahanin ka tungkol sa pag-aaral o pag-uugali ng iyong anak na nag-aaral na (hindi bababa sa edad na 5 o pagpasok sa kindergarten kung wala pang 5), ang unang hakbang ay makipag-usap sa guro ng iyong anak o sa punong-guro ng paaralan tungkol sa iyong mga alalahanin. Kung hindi matagumpay ang hakbang na ito, dapat mong tanungin ang mga tauhan ng paaralan tungkol sa paggawa ng referral sa student support team na nakabase sa campus, na isang pangkat ng mga guro at iba pang tauhan na regular na nagpupulong upang tugunan ang anumang alalahanin sa pag-aaral o pag-uugali na nararanasan ng mga bata.

Ang mga mag-aaral na nahihirapan sa silid-aralan ng general education ay dapat isaalang-alang para sa lahat ng interbensyon at serbisyo ng suporta sa simula o i-refer para sa isang pagsusuri ng espesyal na edukasyon sa ilalim ng IDEA bilang kapalit ng pagtanggap ng mga interbensyon at mga serbisyo ng suporta. Kung patuloy na nagkakaproblema ang isang mag-aaral sa silid-aralan ng general education sa pagbibigay ng mga interbensyon at kung hindi matutugunan ang mga serbisyo ng suporta o ang mga pangangailangan ng mag-aaral sa pamamagitan lamang ng pagbibigay ng mga interbensyon at mga serbisyo ng suporta, o kung anumang oras naghinala ang paaralan o may dahilan ito upang paghinalaan ang isang kapansanan at posibleng kinakailangan ang special education at mga kaugnay na serbisyo, dapat i-refer ng paaralan ang mag-aaral para sa buong

indibidwal at paunang pagsusuri sa ilalim ng IDEA. Hindi kinakailangan na mabigyan ang isang mag-aaral ng mga interbensyon at serbisyo ng suporta sa loob ng isang partikular na tagal ng panahon bago isagawa ang referral para sa buong indibidwal at paunang pagsusuri. Maaaring gawin ang referral o kahilingan para sa isang buong indibidwal at paunang pagsusuri anumang oras ng mga tauhan ng paaralan, mga magulang ng mag-aaral o legal na tagapag-alaga, o ibang taong kabilang sa edukasyon o pangangalaga ng isang mag-aaral.

Multi-Tiered System of Supports, Kasama ang Response to Intervention

Dapat ipatupad ng bawat paaralan ang isang multi-tiered system of supports (**MTSS**) patungkol sa mga interbensyon at serbisyo ng suporta, na kinabibilangan ng mga suportang pang-akademiko at hindi pang-akademiko, tulad ng mga suporta sa pag-uugali. Ang Response to Intervention (**RtI**) ay isang pamamaraan na ginagamit ng maraming paaralan sa kanilang MTSS. Ang pangunahing elemento sa isang RtI na pagtukoy ay: ang pagbibigay ng siyentipiko at base sa pananaliksik na pagtuturo at pamamagitan sa edukasyon sa silid-aralan ng pangkalahatang edukasyon; pag-monitor at pagsukat ng pag-unlad ng bata sa pagtugon sa mga pamamagitan; at paggamit ng mga sukat ng pag-unlad na ito sa paggawa ng desisyong pang-edukasyon.

Ang RtI na pamamaraan, bilang bahagi ng MTSS, ay kung saan ang bawat antas o tier ay kumakatawan sa mas matinding antas ng intervention. Ang mga intervention na ibinibigay sa isang bata ay patuloy na babaguhin batay sa pag-monitor ng pag-unlad hanggang sa sapat nang umuunlad ang bata. Ang mga batang hindi tumutugon sa mga paunang intervention sa loob ng makatwirang panahon, ayon sa mungkahi ng pagsasaliksik, ay inire-refer para sa mas matitinding intervention. Kadalasang may sapat na data ang iyong paaralan pagkatapos ng anim na linggo ng intervention upang makagawa ng mga desisyon sa mga susunod na hakbang (hal., ipagpatuloy ang intervention, paigtingin ang intervention, sumangguni para sa pagsusuri). Ang timeframe para sa paggawa ng desisyon ay depende sa dalas/tagal ng intervention at mga kasanayang tinututukan.

Hindi kailangang umangat ang bata sa bawat antas ng RtI system bago magkaroon ng referral para sa special education. Kapag maliwanag na hindi sapat ang mga intervention ng pangkalahatang interbensyon, dapat maghinala ang mga tauhan ng paaralan na may kapansanan ang bata at dapat nang simulan ang referral. Ang mahahalagang konsiderasyon sa pagpapasiya kung sapat na ang mga general education intervention ay kinabibilangan ng isang pagrerepaso sa kasaysayan ng intervention at ang datos sa pag-monitor sa pag-unlad ng estudyante (kasalukuyang bilis ng pag-unlad at pagkilos tungo sa pagsasara ng mga agwat sa pagtatagumpay). Maaari ding humiling ng isang referral ang mga magulang anumang oras, tumatanggap man o hindi ng mga intervention ang bata sa pamamagitan ng isang RtI system. Ang mga estratehiya ng RtI ay hindi maaaring gamitin para antalahin o tanggihan ang isang napapanahong pagsusuri sa isang batang hinihinalang may kapansanan sa ilalim ng IDEA. Ang iba pang impormasyon tungkol sa prosesong RtI ay matatagpuan sa ([Link: bit.ly/3nDMTDu](https://bit.ly/3nDMTDu)).

Referral para sa Paunang Pagsusuri

Apirmadong tungkulin ng isang paaralan na hingin ang iyong pahintulot at magsagawa ng paunang pagsusuri para sa special education at mga kaugnay na serbisyo kapag naghinala ito na may kapansanan ang iyong anak at nangangailangan ng special education at mga kaugnay na serbisyo sa ilalim ng IDEA. Maaari ka ring humiling ng isang paunang pagsusuri sa iyong anak anumang oras.

Kung gumawa ka ng nakasulat na kahilingan sa director ng mga serbisyo sa special education ng local educational agency (**LEA**) o sa isang empleyadong administratibo ng distrito, gaya ng punong-guro ng kampus, para sa isang paunang pagsusuri para sa pagiging kwalipikado sa special education, ang paaralan, sa loob ng hindi lalampas sa ika-15 araw ng pasukan pagkatapos ng petsa na natanggap ng paaralan ang kahilingan, ay dapat na magbigay sa iyo ng: 1) paunang nakasulat na paunawa ng panukala nito sa pagsasagawa ng isang pagsusuri, isang kopya ng *Notice of Procedural Safeguards* ([Link: fw.escapps.net](https://fw.escapps.net)), isang kopya ng *Overview for Special Education for Parents* na ginawa ng TEA, ang pagkakataong magbigay ng nakasulat na pahintulot para sa pagsusuri; o 2) paunang nakasulat na paunawa ng pagtanggap nitong suriin ang iyong anak, isang kopya ng *Notice of Procedural Safeguards* ([Link: fw.escapps.net](https://fw.escapps.net)), isang kopya ng *Overview of Special Education for Parents* form na ginawa ng TEA. Kapag sinimulan ng isang paaralan ang referral para sa isang pagsusuri, dapat ding ibigay sa iyo ng paaralan ang impormasyong ito.

Pakitandaan na ang kahilingan para sa pagsusuri sa special education ay maaaring gawin sa pamamagitan ng pakikipag-usap at hindi na kinakailangan ng sulat. Dapat pa ring sumunod ang mga distrito at paaralang may bayad sa lahat paunawa ng pederal na kinakailangan para sa pagtukoy, paghahanap, at pagsusuri sa mga bata na pinaghihinalaan na may kapansanan at nangangailangan ng special education. Walang partikular na kinakailangang timeline para tumugon sa mga verbal na kahilingan, ngunit hinihikayat ang mga paaralan na sundan ang parehong timeline na 15-araw-na-pasukan-sa-paaralan na nakalarawan sa itaas.

Paunang Nakasulat na Paunawa

Ang isa sa iyong mga karapatan sa ilalim ng IDEA ay ang tumanggap ng paunang nakasulat na paunawa tungkol sa ilang pagkilos o di-pagkilos hinggil sa iyong anak nang may sapat na panahon bago talaga kumilos o tumangging kumilos ang paaralan. Lalo na, kailanganng bigyan ka ng paaralan ng paunang nakasulat na paunawa sa iyong katutubong wika o sa ibang paraan ng komunikasyon kapag ito ay:

- Nagmumungkahing magpasimula o magbago ng pagkilala (identification), pagsusuri, programang pang-edukasyon, o pagtatakdang pang-edukasyon ng iyong anak o ang pagtustos ng FAPE sa iyong anak (kasama ang pagbabago na dinulot ng iyong pagbawi ng iyong pahintulot para sa patuloy na pagtustos ng special education at mga kaugnay na serbisyo); o
- Tumatangging magpasimula o magbago ng pagkilala, pagsusuri, programang pang-edukasyon, o pagtatakdang pang-edukasyon ng iyong anak o ang paglalaan ng FAPE sa iyong anak.

Kailangang ibigay ang paunang nakasulat na paunawa nang hindi kukulangin sa limang araw ng pasukan sa paaralan bago pa maisagawa o matanggihang gawin ang aksyon na minungkahi ng paaralan, maliban na lang kung sumasang-ayon ka sa mas maikling timeframe. Kailangan kang bigyan ng paaralan ng paunang nakasulat na paunawa sinang-ayunan mo man o hiniling ang pagbabago.

Kailangang isama sa isang paunang nakasulat na paunawa ang sumusunod na impormasyon.

- (1) Isang paglalarawan ng pagkilos na iminungkahi o tinanggihan ng paaralan;
- (2) Isang paliwanag kung bakit nagmumungkahi o tumatangi ang paaralan na kumilos;
- (3) Isang paglalarawan ng bawat proseso ng pagsusuri, pagtatasa, pagtatala, o pag-uulat na ginamit ng paaralan bilang batayan ng iminungkahi o tinanggihang pagkilos;
- (4) Isang pahayag na protektado ang mga magulang ng isang batang may kapansanan sa ilalim ng mga pangangalaga sa pamamaraan ng bahaging ito at, kung ang paunawang ito ay hindi isang paunang referral para sa pagsusuri, ang kaparaanan kung paano makakakuha ng kopya ng paglalarawan ng mga pangangalaga sa pamamaraan;
- (5) Mga taong makokontak ng mga magulang para magpatulong sa pag-unawa sa mga kinakailangan sa special education;
- (6) Isang paglalarawan ng iba pang mga opsiyon na isinaalang-alang ng ARD committee at ang mga dahilan kaya tinanggihan ang mga opsiyon na iyon; at
- (7) Isang paglalarawan ng iba pang bagay na nauugnay sa mungkahi o pagtangi ng paaralan.

Pahintulot ng Magulang

May ilang aktibidad sa prosesong special education na hindi maaaring maganap maliban lang kung makuha ng paaralan ang iyong pahintulot. Kailangang lubusang naipaalam sa iyo ng paaralan ang lahat ng impormasyon na kinakailangan upang makagawa ng mabuting pagpapasya, kasama ang isang pagsasalawan ng iminungkahing aktibidad.

Ang impormasyon ay kailangang nakasulat sa iyong katutubong wika o sa ibang paraan ng komunikasyon, maliban kung malinaw na hindi posibleng ibigay ang impormasyon sa ganitong paraan. Kung may mga rekord na ilalabas, kailangang ilista ng paaralan ang mga rekord at kung kanino ito ilalabas.

Kapag nagbigay ka ng pahintulot, nangangahulugan iyon na nauunawaan mo at isinulat mo na sang-ayon kang isagawa ng paaralan ang aktibidad na hinihingan ng iyong pahintulot. Mahalaga na nauunawaan mo na ang pahintulot ay boluntaryo at maaaring bawiin anumang oras bago maganap ang aktibidad. Gayunman, kung babawiin mo ang iyong pahintulot para sa isang aktibidad, hindi magsisimula ang bisa nito sa umpisa.

Ang mga sumusunod ay mga halimbawa ng mga aktibidad na nangangailangan ng iyong pahintulot:

- Pagsusuri sa iyong anak sa unang pagkakataon;
- Isang muling pagsusuri sa iyong anak nang minsan kada tatlong taon, o mas madalas na muling pagsusuri kung kailangan ng iba pang impormasyon, at hiniling mo o ng guro ng iyong anak ang muling pagsusuri;
- Paglalaan ng special education at kaugnay na mga serbisyo sa unang pagkakataon;
- Pagpayag na hindi dumalo sa meeting ang isang miyembro ng ARD committee kapag ang meeting ay may kasamang kaunting pagbabago o talakayan tungkol sa area ng kurikulum o related service ng miyembro; at
- Pag-imbata sa isang kinatawan ng anumang kalahok na ahensya na malamang na responsable sa paglalaan o pagpagbayad sa secondary transition services.

Mga Pamamaraan ng Pagsusuri

Kapag pinahintulotan mo ang isang full at individual evaluation (**FIIE**), dapat magbigay ang paaralan ng paunang nakasulat na paunawa ng anumang mga pamamaraan ng pagsusuri na isasagawa ng paaralan. Kailangang gumamit ang paaralan ng sari-saring pamamaraan at estratehiya sa pagtatasa para mangalap ng nauugnay na impormasyong functional, developmental, at academic tungkol sa iyong anak, pati na ng impormasyong ibinibigay mo. Hindi maaaring gumamit ang paaralan ng iyong anak ng anumang hakbang o pagtatasa bilang kaisa-isang batayan sa pagtukoy kung ang iyong anak ay isang batang may kapansanan at sa pagtukoy sa isang angkop na educational program para sa iyong anak. Kailangang magsagawa ang iyong paaralan ng isang pagsusuri sa iyong anak sa lahat ng aspetong may kaugnayan sa hinihinalang kapansanan para matukoy kung ang iyong anak ay may kapansanan at para matukoy ang kanyang mga pangangailangan sa pag-aaral. Ang pamamaraan ng pagsusuri para sa iyong anak ay kailangang:

- May kasamang impormasyon tungkol sa academic, developmental, at functional na pagganap ng iyong anak;
- Gagawin ng sinanay at maalam na mga tauhan alinsunod sa mga tagubilin ng gumawa ng test at pangasiwaan para sa mga layunin kung saan ang mga pagtatasa ay may bisa at maaasahan;
- Gagawin sa katutubong wika ng iyong anak o sa iba pang paraan ng komunikasyon maliban kung malinaw na hindi posibleng gawin iyon; at
- Walang kinikilingan, o ibinigay sa isang paraang hindi magdidiskrimina sa iyong anak, anuman ang pinagmulan niyang kultura, lahi, o kapansanan.

Magkakaiba ang mga sinanay at may kaalamang tauhan na kasangkot sa isang pagsusuri batay sa pinaghihinalaang kapansanan. Kung pinaghihinalaan ang dyslexia o kaugnay na karamdaman, kasangkot sa pagsusuri ang isang taong may partikular na kaalaman tungkol sa proseso ng pagbabasa, dyslexia at mga kaugnay na karamdaman, at pagtuturo ng dyslexia. Bukod pa rito, dapat isama sa pagsusuri ang mga bagay na kinakailangan sa Texas State Board of Education's Dyslexia Handbook ([Link: https://bit.ly/3Z5uXrt](https://bit.ly/3Z5uXrt)) at 19 Texas Administrative Code (TAC) §74.28 ([Link: https://bit.ly/3YQcWMe](https://bit.ly/3YQcWMe)).

Ang paunang pagsusuri at ang resultang report ay kailangang matapos nang hindi lalampas sa 45 araw ng pasukan sa paaralan kasunod ng petsa na matanggap ng paaralan ang iyong nakasulat na pahintulot. Gayunpaman, kung lumiban sa paaralan ang iyong anak ng tatlo o higit pang araw ng pag-aaral sa panahon ng pagsusuri, pahahabain ng ilang araw ng pag-aaral ang panahon ng pagsusuri na katumbas ng bilang ng araw ng pag-aaral kung kailan lumiban ang anak mo. Dapat kang bigyan kaagad ng paaralan ng kopya ng ulat ng pagsusuri nang libre pagkatapos itong makumpleto ngunit hindi lalampas sa limang araw ng pasukan bago ang paunang pulong ng komite ng ARD ng iyong anak upang matukoy ang pagiging kwalipikado.

Kung wala pang limang taong gulang ang iyong anak bago ang Setyembre 1 ng taon ng pag-aaral at hindi naka-enrol sa pampublikong paaralan o sa pribado o home school setting anuman ang edad, dapat makumpleto ang paunang pagsusuri at ang resultang ulat nang hindi lalampas sa ika-45 araw ng pasukan kasunod ng petsa na natanggap ng paaralan ang iyong nakasulat na pahintulot.

Walang eksepsyon sa timeline na 45 araw ng pasukan sa paaralan. Kung matanggap ng paaralan ang iyong pahintulot para sa paunang pagsusuri nang hindi kukulangin sa 35 ngunit wala pang 45 araw ng pasukan sa paaralan bago ang huling araw ng pagtuturo sa taong panuruan, ang nakasulat na report sa pagsusuri ay kailangang makumpleto at maibigay sa iyo pagsapit ng Hunyo 30 ng taong iyon. Gayunpaman, kung lumiban ang iyong anak sa paaralan sa tatlo o higit pang araw sa panahon ng pagsusuri, ang deadline na ika-30 ng Hunyo ay mawawalan ng bisa. Sa halip, ang pangkalahatang timeline na 45 araw ng pagpasok sa paaralan at karagdagang pagpapahaba para sa mga pagliban ng tatlo o higit pang araw ay gagamitin. Kung natanggap ng paaralan ang iyong pahintulot nang wala pang 35 araw ng pasukan bago ang huling araw ng pagtuturo ng taon ng pag-aaral, ipapatupad ang pangkalahatang 45 timeline ng 45 araw ng paaralan, na may parehong extension para sa tatlo o higit pang pagliban sa panahon ng pagsusuri.

Kung hindi ka pumayag sa paunang pagsusuri, maaaring ituloy ng paaralan, ngunit hindi kinakailangan, ang pagsusuri na pamamagitan ng paghiling ng pamamagitan o paghiling ng isang legal na proseso ng pagdinig. Kung magdesisyon ang paaralan na hindi ituloy ang pagsusuri, hindi lumalabag ang paaralan sa kinakailangan sa ilalim ng IDEA upang matukoy, mahanap, at masuri ang lahat ng batang may kapansanan na nangangailangan ng special education at mga kaugnay na serbisyo. Ang kinakailangang ito ay tinatawag na *child find duty* ng paaralan.

Mga Meeting ng Komite ng Admission, Review, and Dismissal (ARD)

Sa loob ng tatlumpong araw sa kalendaryo mula sa petsa ng pagkumpleto ng paunang ulat ng pagsusuri, dapat mabuo ang isang komite ng ARD upang isaalang-alang ang ulat at matukoy kung kwalipikado ang iyong anak para sa special education at mga kaugnay na serbisyo. Kasama sa mga miyembro ng ARD committee ang mga sumusunod:

- Ikaw na magulang;
- Hindi bababa sa isang guro sa general education ng bata na dapat, kapag posible, ay isang guro na may pananagutan sa pagpapatupad ng isang bahagi ng IEP ng bata;
- Isang special education teacher o provider man lang ng bata;
- Isang kinatawan ng paaralan;
- Isang taong maaaring mag-interpret ng mga implikasyon ng mga resulta ng pagsusuri sa pagtuturo;
- Ibang indibidwal na may kaalaman o espesyal na kasanayan sa bata at inimbitahan mo o ng paaralan;
- Tuwing naaangkop, ang bata;
- Hangga't naaangkop, sa iyong nakasulat na pahintulot o, kapag nag-edad 18 ang iyong anak, sa nakasulat na pahintulot ng iyong anak na nasa hustong gulang, isang kinatawan ng anumang kalahok na ahensya na malamang na responsable sa paglalaan o pagbabayad para sa transition services;
- Isang kinatawan mula sa career at technical education, hangga't maaari ay ang guro, kung isinasalang-alang ang bata para sa pauna o patuloy na placement sa career o technical education; at
- Isang propesyunal na miyembro ng kawani na nasa komite sa pagtatasa ng kasanayan sa wika, kung natukoy ang bata bilang bilingual.

Ang ARD committee ay kinabibilangan din, kung naaangkop, ng:

- Isang guro na sertipikado sa pagtuturo ng mga estudyanteng bingi o mahina ang pandinig, kung ang bata ay hinihinala o dokumentadong bingi o mahina ang pandinig;
- Isang guro na sertipikado sa edukasyon ng mga mag-aaral na may kapansanan sa paningin, kung ang bata ay may pinaghihinalaang o dokumentadong kapansanan sa paningin;
- Isang guro na sertipikado sa edukasyon ng mga mag-aaral na may kapansanan sa paningin at isang guro na sertipikado sa edukasyon ng mga mag-aaral na bingi o mahina ang pandinig, kung ang bata ay pinaghihinalaan o dokumentadong pagkabingi; o

- Isang propesyonal na nakakatugon sa mga kinakailangan ng TEC, §29.0031(b), at 19 TAC §74.28, kasama ang Dyslexia Handbook, kung ang mag-aaral ay pinaghihinalaan o natukoy na may dyslexia.

Kailangang maimbita ka ng paaralan sa bawat meeting ng ARD committee para sa iyong anak at makagawa ng pagsisikap na masiguro na isa o parehong magulang ay lumahok. Isang nakasulat na paunawa ng meeting ay kailangang maibigay sa iyo nang hindi bababa sa limang araw ng pagpasok sa paaralan bago sumapit ang meeting, maliban kung sumang-ayon ka sa mas maikling timeframe. Kailangang kasama sa nakasulat na paunawa ang layunin, oras, lugar na pangyayarihan ng meeting, at isang listahan kung sinu-sino ang dadalo sa meeting. Kung hindi ka makapagsalita ng English, kailangang magbigay ang paaralan ng paunawa sa iyong katutubong wika, maliban kung sadyang hindi maaari na gawin ito. Kung hindi nakasulat na wika ang iyong katutubong wika, dapat gumawa ang paaralan ng mga hakbang upang matiyak na isinalin ang paunawa nang pasalita o sa iba pang paraan upang maunawaan mo ang nilalaman ng paunawa.

Ang meeting ng ARD committee ay kailanganag maganap sa oras at lugar na sinang- ayunan mo at ng paaralan. Kung ang oras at petsa na minungkahi ng paaralan ay hindi maalwan para sa iyo, kailangang gumawa ng risonableng pagsisikap ang paaralan na makahanap ng oras na makausap kayo. Kung 'di maaari ang kapwa magulang na makadalo sa meeting, maaari kayong lumahok sa alternatibong paraan gaya ng gamit ang telepono o videoconferencing. Kung nabigo ang paaralan na kumbinsihin kang dumalo, makakapagsagawa ang paaralan ng pagpupulong na wala ka.

Ang isang kasapi ng ARD committee ay maaaring mapatawad (excused) sa pagdalo ng parte o kabuuan ng meeting ng ARD committee kapag ang pagdalo ng taong iyon ay hindi naman kailangan sapagkat ang kanyang lugar ng kurikulum o kaugnay na serbisyo ay hindi naman binabago o pinag-uusapan sa meeting. Kailangang sumang-ayon ka sa patawad na ito ng pasulat.

Ang isang kasapi ng ARD committee ay maaari ding mapatawad sa pagdalo ng meeting kapag may gagawing pagbabago, o pagtatalakay sa lugar ng kurikulum o kaugnay na serbisyo ng kasapi. Kung sumang-ayon ka at ang paaralan sa patawad ng pasulat at ang tao na pinatawad ay nagsumite ng nakasulat na kuro-kuro (input) para sa pagpapa-unlad ng IEP bago pa maganap ang meeting.

Pagiging Kwalipikado

Mayroong dalawang parteng pagsubok para matiyak kung ang iyong anak ay kwalipikado para sa special education at mga kaugnay na serbisyo:

(1) ang iyong anak ay dapat may kwalipikadong kapansanan sa ilalim ng IDEA; at (2) bilang resulta ng kapansanan, kailangan ng iyong anak ng special education at mga kaugnay na serbisyo upang makinabang mula sa edukasyon. Upang makamit ang unang parte ng dalawang-parte na pagsubok para sa pagiging kwalipikado, ang isang batang nasa pagitan ng edad 3 hanggang 21, maliban kung nakatala sa mga panaklong sa ibaba, ay kailangang tumugon sa mga pamantayan para sa isa o higit pang kategorya ng kapansanang nakalista:

- Autism;
- Bingi o mahina ang pandinig (mula pagsilang hanggang edad 21);
- Bingi at bulag (mula pagsilang hanggang edad 21);
- Emosyonal na kapansanan;
- Kapansanan sa isipan;
- Maramihang kapansanan;
- Noncategorical early childhood (tatlo hanggang limang taon)*;
- Pagkaantala sa pag-unlad (3 hanggang 9 na taon)**;
- Kapansanan sa buto at kalamnan;
- Iba pang kapansanan sa kalusugan;
- Partikular na kapansanan sa kakayahang matuto;
- Kapansanan sa pagsasalita o hindi malinaw magsalita;
- Tromatikong pinsala sa utak; o
- Kapansanan sa paningin (mula pagsilang hanggang 21).

*Hindi na gagamitin ang noncategorical early childhood simula sa school year 2025-2026.

**Ang pagiging kwalipikado sa ilalim ng pagkaantala sa pag-unlad ay maaaring gawin simula sa school year 2024-2025.

Kailangang isagawa ng ARD committee ang pagtiyak sa pagiging kwalipikado sa loob ng 30 araw ng kalendaryo mula sa petsa ng pagtatapos ng paunang pagsusuri na report. Kung ang ika-30 araw ay natuon sa summer at wala nang pasok ang paaralan, ang komite ng ARD ay may hanggang ika-15 araw ng pasukan sa taglagas para tapusin ang mga desisyon tungkol sa paunang pagpapasiya ng pagiging kwalipikado, IEP, at placement maliban kung nakasaad sa paunang pagsusuri na kailangan ng bata ang mga serbisyo ng extended school year (**ESY**) sa summer na iyon. Kung ipinaghiwatig ang mga serbisyo ng ESY, ang komite ng ARD ay dapat magpulong sa lalong madaling panahon pagkatapos makumpleto ang ulat ng pagsusuri.

Hindi lahat ng nahihirapang mag-aaral ay kwalipikado para sa special education at mga kaugnay na serbisyo. Kung pangunahing nahihirapan ang iyong anak dahil sa kakulangan ng naaangkop na pagtuturo sa pagbabasa o matematika o dahil may limitadong kasanayan sa Ingles ang iyong anak, hindi dapat tukuyin ang iyong anak na maging isang batang may kapansanan sa ilalim ng IDEA. Kung ipinapakita ng pagsusuri walang kapansanan ang iyong anak, ang campus-based na multi-tiered system ng academic at behavioral support team ay maaaring magpulong at magrekomenda ng iba pang mga serbisyo o programa sa general education upang matulungan ang iyong anak.

Kung ipapakita ng pagsusuri na ang iyong anak ay may kapansanan, kailangang talakayin ng ARD committee ang ikalawang bahagi ng pagsubok na may dalawang bahagi sa pagiging kwalipikado sa pagpasiya kung ang iyong anak ay nangangailangan ng special education at kaugnay na mga serbisyo upang makasali at umunlad sa mga serbisyo ng kurikulum ng pangkalahatang edukasyon (ibig sabihin, ang kurikulum na katulad ng para sa mga batang walang kapansanan).

Paunang Pagkakaloob ng mga Serbisyo

Kung maging kwalipikado ang iyong anak para sa special education at kaugnay na mga serbisyo, kailangang bigyan ng paaralan ang iyong anak ng FAPE sa isang pinakamalayang kapaligiran. Natatamo ito sa pagpapaunlad ng ARD committee ng IEP at ng pagpapatupad ng paaralan ng IEP. Bago makapaghandog ang paaralan ng anumang unang serbisyong special education at kaugnay na mga serbisyo; gayunpaman, kailangang makuha ang iyong pahintulot para sa mga serbisyo. Kailangang gumawa ng risonableng pagsisikap ang paaralan na makuha ang iyong pahintulot para sa paunang paghahandog ng mga serbisyo. Kung hindi ka pumayag sa paunang pagkakaloob ng mga serbisyo, hindi maaaring humiling ang paaralan ng pamamagitan o humiling ng angkop na proseso ng pagdinig para i-override ang iyong pagtanggap sa mga serbisyo. Walang ibibigay na special education at kaugnay na mga serbisyo kung tumatangi kang magbigay ng pahintulot. Hindi lumalabag ang paaralan sa tungkulin nito na gawing available ang FAPE sa iyong anak kung tatanggihan mo ang pahintulot o mabibigo kang tumugon sa isang kahilingan na magbigay ng pahintulot sa paunang probisyon ng special education at mga kaugnay na serbisyo.

Pagbuo ng Individualized Education Program (IEP)

Ang mga pangunahing bumubuo sa IEP ay kinabibilangan ng:

- Present levels of academic achievement and functional performance ng iyong anak (**PLAAFP**);
- Masusukat na taunang mga layunin, kabilang ang akademikong tagumpay at functional na mga layunin sa pagganap;
- Isang paglalarawan ng special education, kaugnay na mga serbisyo, at karagdagang mga tulong at serbisyong ibibigay;
- Impormasyon tungkol sa kung paano lalahok ang iyong anak sa mga pagtatasa ng estado at distrito, kabilang ang isang pahayag ng anumang indibidwal na naaangkop na akomodasyon na kinakailangan para sa iyong anak na tinatasa, at kung kailangan ng iyong anak na kumuha ng kahaliling pagtatasa, sa halip na ang regular na pagtatasa sa Buong Estado, at kung bakit angkop ang kahaliling pagtatasa para sa iyong anak;

- Transition services, kapag angkop sa edad; at
- Ibang larangang kailangang isaalang-alang, at kung maipasiyang kailangan, matalakay para sa mga batang may ilang kapansanan, pangangailangan, o sitwasyon.

Ang TEA ay nakabuo ng isang anyo ng modelong IEP na matatagpuan sa [Link: bit.ly/3smMLMe](https://bit.ly/3smMLMe). Maaaring gamitin ng paaralan ng iyong anak ang modelong form na ito o maaaring gumamit ng ibang form.

Sa pagpapaunlad ng IEP, may ilang bagay na kailangang isaalang-alang ang ARD committee, kasama ang:

- Mga kalakasan ng iyong anak;
- Ang iyong mga inaalaala para sa pagpapahusay ng kanyang edukasyon;
- Mga resulta ng mga katatapos na pagsusuri ng iyong anak; at
- Academic, developmental, at functional na mga pangangailangan ng iyong anak.

Dagdag pa ryan, kailangang talakayin ng ARD committee ang ilang espesyal na bagay para sa ilang bata, gaya ng mga sumusunod:

- Isiping gumamit ng positibong intervention sa pag-uugali at mga suporta at iba pang estratehiya upang talakayin ang pag-uugaling iyon kapag ang pag-uugali ng bata ay naging sagabal sa pag-aaral ng bata o ng iba;
- Isaalang-alang ang mga pangangailangan sa wika ng bata dahil ang mga pangangailangang iyon ay nauugnay sa IEP ng bata kapag ang bata ay naging kwalipikado bilang bilingual; magbigay ng pagtuturo sa braille at paggamit ng braille, maliban kung nagpasiya ang komite na ang pagtuturo sa braille o ang paggamit ng braille ay hindi angkop para sa bata kapag bulag o may kapansanan sa paningin ang bata;
- Isaalang-alang ang mga pangangailangan sa komunikasyon ng bawat batang may kapansanan, at para sa batang bingi o mahina ang pandinig, isaalang-alang ang mga pangangailangan sa wika at komunikasyon ng bata, mga pagkakataon para sa direktang komunikasyon sa mga kapantay at propesyonal na tauhan sa wika at paraan ng komunikasyon ng bata, antas ng akademiko, at buong hanay ng mga pangangailangan, kabilang ang mga pagkakataon para sa direktang pagtuturo sa wika at paraan ng komunikasyon ng bata;
- Isaalang-alang kung ang bawat batang may kapansanan ay nangangailangan ng mga kagamitan at serbisyo ng pantulong na teknolohiya; at
- Tugunan ang mga salik na kinakailangan sa Handbook ng Dyslexia, kung naaangkop, para sa mag-aaral na natukoy na may dyslexia at nangangailangan ng pagtuturo ng dyslexia.

Mga Kasalukuyang Antas ng Academic Achievement at Functional Performance

Ang IEP ay dapat maglaman ng isang pahayag ng PLAAFP ng iyong anak. Kailangang isama sa pahayag na ito kung paano nakakaapekto ang kapansanan sa pakikisalamuha at pag-unlad sa pangkalahatang kurikulum. Kung ang iyong anak ay isang batang preschool, kailangang ipaliwanag sa pahayag kung paano nakakaapekto ang kapansanan sa paglahok sa mga aktibidad na angkop sa edad.

Mga Taunang Mithiin

Dapat maglaman ang IEP ng nasusukat na mga taunang layunin, kabilang ang mga layuning pang-akademiko at pagganap, na idinisenyo upang matugunan ang mga pangangailangan ng iyong anak na nagreresulta mula sa kapansanan para makasali at umunlad siya sa pangkalahatang kurikulum. Dapat ding talakayin ng mga mithiing ito ang ibang mga pangangailangang pang-edukasyon na bunga ng kapansanan ng iyong anak. Kailangang ilarawan ng IEP kung paano masusukat ang pag-unlad ng iyong anak tungo sa mga taunang mithiin gayundin kung kailan ibibigay sa iyo ang mga ulat sa pag-unlad.

Special Education, Mga Kaugnay na Serbisyo, at mga Karagdagang Tulong at Serbisyo

Ang ARD committee ang nagdedesisyon kung anong mga serbisyo ang kakailanganin upang:

- Mabigyan ng kakayahan ang bata na sumulong ng tama patungo sa pagkamit ng taunang layunin;
- Mapasama at umunlad sa pangkalahatang kurikulum (kasama ang paglahok sa extracurricular at hindi pang-academic na aktibidad); at
- Matuto at lumahok kasama ang mga bata na walang kapansanan.

Kailangang makasama sa IEP ang isang pahayag ng kinakailangang special education, mga kaugnay na serbisyo, at pantulong at mga serbisyo na ihahandog sa iyong anak o sa ngalan ng iyong anak. Ang mga serbisyong ito ay base sa mga pag-aaral ng mga kabarkada na nagbalik-aral nito (peer-reviewed research) sa pinaka-praktikal na maaabot nito.

Bilang karagdagan, kailangang maglaman ang IEP ng pahayag ng anumang kinakailangang pagbabago sa programa at mga suporta para sa mga tauhan ng paaralan na ibibigay. Kailangan ring makasama sa IEP ang petsang hinahangad na mapampasahan ang serbisyo at mga pagbabago at mga inaasahang dalas ng pangyayari, lokasyon, at haba ng mga serbisyo at pagbabago.

Mga Pagtatasa ng Estado

Sa ilalim ng batas pederal, ang mga pagtatasa ng estado ay kailangang ibigay sa lahat ng bata upang matiyak kung nagtagumpay ang mga paaralan sa pagtuturo ng mga bata ng mga panukat na pang-academic na nilalaman ng estado. Sa Texas, ang nilalamang pang-academic na panukat ay kilala bilang Texas Essential Knowledge and Skills, na matatagpuan sa TEA website sa ([Link: bit.ly/3bFeuSk](https://bit.ly/3bFeuSk)). Ang mga batang may kapansanan na tumatanggap ng mga serbisyo ng espesyal na edukasyon ay kukuha ng naaangkop na mga pagtatasa ng estado, alinman sa regular na pagtatasa o isang alternatibong pagtatasa para sa mga batang may pinakamahalagang kapansanan sa pag-iisip na naaayon sa mga alternatibong pamantayan ng tagumpay sa akademiko. Kumukuha man ang iyong anak ng regular na pagtatasa o ng isang alternatibong pagtatasa, ang pagtatasa ay nakaayon sa mahirap na mga pamantayan ng Estado sa akademikong nilalaman, at kailangang tumanggap ang iyong anak ng mga angkop na pagsasaalang-alang sa mga pagtatasa ng buong Estado at distrito, kung kailangan, tulad ng nakasaad sa IEP ng iyong anak.

Kung ipasiya ng ARD committee na kailangan ng mga akomodasyon para makalahok ang iyong anak sa mga pagtatasa, ang IEP ay dapat maglaman ng isang pahayag ng mga angkop na akomodasyon. Ang impormasyon tungkol sa akomodasyon ay makukuha sa ([Link: bit.ly/3sq2vht](https://bit.ly/3sq2vht)).

Kung nagpasya ang komite ng ARD na dapat kumuha ng alternatibong pagtatasa ang iyong anak sa halip na isang partikular na estado o distrito na pagtatasa, dapat magsama ang IEP ng isang pahayag tungkol sa kung bakit hindi maaaring lumahok sa regular na pagtatasa ang bata, kung bakit angkop sa bata ang kahaliling pagtatasa na pinili. Isasama ang alternatibong form ng pakikilahok sa pagtatasa na binuo ng TEA bilang bahagi ng IEP ng iyong anak sa kasong ito. Dagdag pa ryan, kung ang iyong anak ay kumukuha ng alternatibong mga pagtatasa, kailangan ding kabilangan ng mga pamantayan o panandaliang layunin ang IEP ng iyong anak. Ang mga pamantayan o panandaliang layunin ay kinakailangan lamang para sa mga estudyanteng may pinakakapansin-pansing kapansanan sa pag-iisip na kumukuha ng alternatibong pagtatasa na nakaayon sa mga alternatibong pamantayan ng academic achievement.

Transition

Hinihingi ng IDEA at ng batas ng estado na talakayin ng mga IEP para sa nakatatandang mga estudyante ang transition services. Ang *transition services* ay isang pinag-ugnay na grupo ng mga aktibidad na dinisenyo upang tulungang makalipat ang bata mula sa paaralan tungo sa mga aktibidad pagkatapos ng klase. Gayunman, ang edad kung saan dapat magsimula ang plano ng pagbabago, ay nag-iiba sa ilalim ng pederal na batas. Samakatuwid, hinihiling ng alituntunin ng komisyoner sa ilalim ng 19 TAC §89.1055 na magsimula ang mga serbisyo ng paglipat ng pederal at estado nang hindi lalampas sa unang IEP na ipatupad kapag ang isang estudyante ay 14 na taong gulang. Kaya bago pa man magkabisa ang IEP kapag umabot sa 14 na taong gulang

ang isang mag-aaral, dapat nang isaalang-alang ng komite ng ARD at, kung naaangkop, tugunan ang mga sumusunod na isyu sa IEP:

- (1) Angkop na pagiging kasangkot ng estudyante sa pagbabago ng kalagayan ng estudyante sa buhay sa labas ng sistema ng pampublikong paaralan;
- (2) Angkop na pakikilahok sa paglipat ng mag-aaral ng mga magulang ng mag-aaral at iba pang mga tao na inimbitahang lumahok sa pamamagitan ng:
 - a. Mga magulang ng estudyante; o
 - b. Distrito ng paaralan kung saan naka-enroll ang estudyante;
- (3) Angkop na mga opsyon sa postsecondary na edukasyon, kabilang ang paghahanda para sa postsecondary level coursework;
- (4) Isang angkop na functional vocational evaluation;
- (5) Angkop na mga sitwasyon para sa pagsasagawa ng referral ng estudyante o ang magulang ng estudyante sa ahensya ng gobyerno para sa mga serbisyo o pampublikong mga benepisyo, kabilang ang referral sa paglalagay ng ahensya ng gobyerno sa estudyante sa listahan ng naghihintay para sa mga pampublikong benepisyo na nakalaan para sa estudyante; at
- (6) Ang paggamit at kakayahang magamit ng angkop na:
 - a. Mga karagdagang tulong, serbisyo, kurikulum, at iba pang oportunidad para alalayan ang estudyante sa pagkakaroon ng mga kasanayan sa paggawa ng desisyon; at
 - b. Mga suporta at serbisyo para pagyamanin ang pagsasarili at determinasyon sa sarili ng estudyante, kabilang na ang suportadong kasunduan sa paggawa ng desisyon.

Na dapat magsimula bago pa man magkabisa ang unang IEP kapag naging 14 na ang mag-aaral, o mas bata kung natukoy na naaangkop ng komite ng ARD, dapat isama sa IEP ang:

1. Naaangkop na masusukat na mga layunin pagkatapos ng sekondarya batay sa naaangkop sa edad na mga pagtataasa sa paglipat na may kaugnayan sa pagsasanay, edukasyon, trabaho, at, kung naaangkop, independiyenteng mga kasanayan sa pamumuhay; at
2. Ang mga serbisyo sa paglipat, kabilang ang mga kurso ng pag-aaral, ay kailangan upang tulungan ang mag-aaral sa pag-abot sa mga layunin pagkatapos ng sekondarya.

Bago pa man magkabisa ang IEP kapag umabot sa 18 na taong gulang ang isang mag-aaral, dapat nang isaalang-alang ng komite ng ARD at, kung naaangkop, tugunan ang mga sumusunod na isyu sa IEP ng mag-aaral:

1. Paglahok ng mga magulang ng mag-aaral at iba pang tao, kung ang magulang o ibang tao, sa paglipat at kinabukasan ng mag-aaral:
 - a. Ay inimbitahan ng estudyante o ng distrito ng paaralan na makilahok kung saan naka-enroll ang estudyante; o
 - b. May pahintulot ng mag-aaral na lumahok sa ilalim ng \sinusuportahang kasunduan sa paggawa ng desisyon; at
2. Kung available ang kapaligiran sa pagtuturo na naaangkop sa edad, kabilang ang mga setting ng komunidad o mga kapaligiran na naghahanda sa mag-aaral para sa postsecondary education o pagsasanay, mapagkumpitensyang pinagsamang trabaho, o malayang pamumuhay, alinsunod sa mga layunin at layunin ng paglipat ng mag-aaral.

Dapat dumalo sa pulong ng komite ng ARD ang iyong anak kapag tatalakayin ang mga serbisyo sa paglipat at mga layunin pagkatapos ng sekondarya. Kung hindi dumadalo sa meeting ang iyong anak, kailangang gumawa ng ibang hakbang ang ARD committee para tiyakin na naisaalang-alang ang mga kagustuhan at interes ng iyong anak. Kung ang iyong anak ay wala pang 18 at hindi bababa sa 14 ang edad, dapat ding isipin ng ARD committee na makisali sa iyo at sa iba pang taong inimbitahan mo at ng paaralan na makilahok sa paglipat sa estudyante. Dagdag pa rito, hangga't naaangkop, sa iyong nakasulat na pahintulot o pagpayag na nakasulat ng nasa hustong gulang na estudyante, kailangang maimbita ng paaralan ang isang kinatawan ng anumang kalahok na ahensya na malamang ay magiging risponsable sa pagkakaloob o pagtutustos para sa mga serbisyo sa pagbabago ng kalagayan.

Mga Estudyanteng Nasa Hustong Gulang

Kapag sumapit ang inyong anak sa edad na 18, ang bata ay nagiging isang *estudyanteng nasa hustong gulang*. Ang mga estudyanteng nasa hustong gulang ay may karapatang gumawa ng mga desisyon sa kanilang sarili maliban kung tinukoy ng batas na walang kakayahan. Sa meeting ng ARD committee na ginaganap ng hindi bababa sa isang taon bago mag-18 ang inyong anak, malalaman ng inyong anak na ang karapatan na magsagawa ng mga pang-edukasyon na desisyon ay malilipat sa kanila mula sa kanilang mga magulang. Dapat na kasama sa IEP ng inyong anak ang pahayag upang patotohanan na ang magulang at ang anak ay may kabatiran sa paglilipat ng karapatan. Dapat din na may kasama itong pahayag na naglalarawan ng impormasyon at pinagkunan na ibinahagi tungkol sa pangangalaga, mga alternatibo sa pangangalaga, at impormasyon na ibinahagi tungkol sa iba pang mga suporta at serbisyo na idinisenyo para saklolohan ang pamumuhan ng malaya.

Kapag nalipat sa iyong estudyanteng nasa hustong gulang ang mga karapatan, ikaw at ang iyong estudyanteng nasa hustong gulang ay kapwa makakatanggap ng lahat ng kinakailangang paunawa sa hinaharap. Gayunpaman, ang mga paunawa ng meeting ng ARD committee ay hindi imbitasyon para dumalo ka sa mga meeting. Maaari ka lamang dumalo sa mga meeting kapag inimbitahan ka ng iyong estudyanteng nasa hustong gulang o nagbigay ng pahintulot ang paaralan na imbitahan ka.

Mga Batang May Autism

Para sa isang batang may autism, mayroong 11 mga diskarte na, alinsunod sa 19 TAC §89.1055(g), ay dapat isaalang-alang nang hindi bababa sa taun-taon, batay sa peer-review, batay sa pananaliksik na mga kasanayan sa programang pang-edukasyon hanggang sa magagawa. Kapag kinakailangan, dapat talakayin ang mga estratehiyang ito sa IEP. Kapag hindi kailangan, dapat maisama sa IEP ang isang pahayag na nagsasabi ng gayon at ang pinagbatayan ng pagpapasiya. Ang mga karagdagang estratehiya na kailangang isaalang-alang ng ARD committee ay ang:

- Pinalawig na programang pang-edukasyon;
- Pang-araw-araw na iskedyul na nagpapakita ng kaunting hindi nakaayos na oras at aktibong pakikipag-ugnayan sa mga aktibidad sa pag-aaral;
- Pagsasanay sa loob ng tahanan at sa komunidad, o mga alternatibong magagawa;
- Mga estratehiyang sumusuporta sa positibong pag-uugali;
- Pagpapalano sa hinaharap;
- Pagsasanay at suporta ng magulang/pamilya;
- Akmang proporsyon ng tauhan sa bata na nararapat sa mga natukoy na aktibidad;
- Pamamagitan sa pakikipag-ugnayan;
- Galing sa pakikisalamuha at suporta at estratehiya;
- Propesyonal na edukador/suporta ng tauhan; at
- Mga estratehiya sa pagtuturo base sa pinagbalik-aralan ng kabarkada/kaedad, base sa pag-aaral na mga gawi.

Mga Batang Bingi o Mahina ang Pandinig

Para sa isang batang bingi o mahina ang pandinig, kailangang maisaalang-alang ng ARD committee ang:

- Mga pangangailangan ng bata sa pananalita at komunikasyon;
- Mga pagkakataon ng bata para sa mga tuwirang komunikasyon sa mga ka-edad at propesyonal na tauhan sa pananalita at paraan ng komunikasyon ng bata;
- Akademikong antas ng bata; at
- Buong saklaw ng mga pangangailangan ng bata, pati na ang mga pagkakataon para sa tuwirang pagtuturo sa pananalita at paraan ng komunikasyon ng bata.

Mga Batang Bulag o May Kapansanan sa Paningin

Sa ilalim ng batas ng estado, para sa isang batang bulag o may kapansanan sa paningin, dapat magsama ang ARD committee sa IEP ng bata ng braille sa pagtuturo at ang paggamit ng braille maliban na lang kung mapag-alaman at maidokumento ng ARD committee na hindi angkop ang braille bilang paraan ng pagbasa at pagsulat para sa bata. Ang pag-alam ng ARD committee ay dapat batay sa pagsusuri sa gamit at kasanayan sa pagbabasa at pagsusulat ng bata at sa kasalukuyan at panghinaharap na pangangailangan sa pag-aaral nito.

Sa ilalim ng batas ng estado, para sa isang batang bulag o may kapansanan sa paningin, kailangang isaalang-alang ng ARD committee ang pangangailangan ng bata sa:

- Kakayahan sa pagtumbas (compensatory skills), gaya ng braille at pagpapaunlad ng konsepto, at iba pang kakayahang kailangan upang makamit ang nalalabi sa kurikulum;
- Pagtuturo sa oryentasyon at pagpapalipat-lipat (mobility);
- Galing sa pakikisalamuha (social interaction skills);
- Pagpapalano ng karera;
- Teknolohiya na pantulong, kasama ang mga kagamitan sa mata (optical devices);
- Galing o kakayahan na mamuhay mag-isa;
- Aliwan at libangan;
- Pansariling-katibayan ng loob; at
- Kagalingan sa sensoryo.

Behavioral Improvement or Intervention Plan (BIP)

Kung nagpasiya ang komite ng ARD na naaangkop para sa iyong anak ang isang plano sa pagpapabuti ng pag-uugali o behavioral intervention plan (BIP), ang planong iyon ay dapat isama bilang bahagi ng IEP ng iyong anak at ibigay sa bawat guro na may pananagutan sa pagtuturo sa iyong anak.

Extended School Year Services (ESY)

Dapat isaalang-alang ng komite ng ARD kung kwalipikado ang iyong anak para sa mga serbisyo ng ESY sa taunang pagsusuri ng IEP ng iyong anak. Ang pangangailangan para sa mga serbisyo ng ESY ay dapat na dokumentado gamit ang data na nakolekta ng distrito at ikaw sa pamamagitan ng paggamit ng pormal at impormal na mga pagtatasa. Kwalipikado ang iyong anak para sa mga serbisyo ng ESY kung, sa isa o higit pang mga kritikal na lugar na tinutugunan sa kasalukuyang mga layunin at layunin ng IEP ng iyong anak kung saan ang bata ay dati nang nagpakita ng nakuhang pag-unlad, ang iyong anak ay nagpakita, o makatwirang maaaring inaasahan na magpakita, malubha o malaking regression na hindi na maibabalik sa loob ng makatwirang yugto ng panahon. Ang terminong *malubha o malaking regression* ay nangangahulugan na ang bata ay, o magiging, hindi kayang mapanatili ang dating nakuhang pag-unlad sa isa o higit pang kritikal na lugar ng IEP sa kawalan ng mga serbisyo ng ESY.

Kung matukoy ng komite ng ARD na kailangan ng iyong anak ng mga serbisyo ng ESY, dapat tukuyin ng IEP kung aling mga lugar ang tutugunan sa panahon ng mga serbisyo ng ESY. Kinakailangang talakayin ng komite ng ARD ang pangangailangan para sa mga serbisyo ng ESY sa taunang pulong ng pagsusuri ng IEP ng bata.

Placement

Hinihingi ng IDEA na ang bata na may kapansanan ay maging edukado sa *kapaligirang di-gaanong mahigpit*. Nangangahulugan ito na ang iyong anak ay tuturuan kasama ang mga batang walang kapansanan sa pinaka-maaabot na nararapat. Ang pag-alis ng iyong anak mula sa kapaligiran ng general education ay maaaring mangyari lamang kung ang kalikasan o kalubhaan ng kanyang kapansanan ay ang edukasyon sa mga klase sa pangkalahatang edukasyon na may paggamit ng mga pandagdag na tulong at serbisyo ay hindi maaaring makamit nang kasiya-siya.

Ang mga *pandagdag na tulong at serbisyo* ay nangangahulugan ng mga tulong, serbisyo, at iba pang suporta na ibinibigay sa mga klase sa pangkalahatang edukasyon, iba pang mga setting na may kaugnayan sa edukasyon, at sa mga extracurricular at hindi pang-akademikong mga setting, upang bigyang-daan ang mga batang may kapansanan na mapag-aral kasama ang mga batang walang kapansanan sa pinakamataas na lawak na naaangkop.

Ang pinaka-buod ng proseso ng special education ay nagsasangkot sa pagtutukoy ng angkop na pang- edukasyon na pagtatalaga para sa pagpapatupad ng IEP ng bata. Ang placement ay tumutukoy sa mga punto sa loob ng continuum ng mga opsyon sa placement (ibig sabihin, mga klase sa general education, mga espesyal na klase, mga espesyal na paaralan, pagtuturo sa bahay, pagtuturo sa mga ospital at institusyon) na available para sa isang batang may kapansanan. Ang pagtatalaga ay hindi tumutukoy sa tiyak na pisikal na lokasyon o bahagi kung saan ihahatid ang mga serbisyo. Ang ARD committee ang nagpapasiya sa pang-edukasyon na pagtatalaga batay sa IEP ng bata.

Desisyon ng ARD Committee

Ang ilsang desisyon ng ARD committee tungkol sa kinakailangan mga elemento ng IEP ay kailangang pagkasunduan ng mga miyembro ng komite kung posible. Ang kasunduang ito ay tinatawag na consensus. Kailangang sikapin ng ARD committee na magkaroon ng consensus, ngunit ang paaralan ang may pinakamalaking responsibilidad na tiyakin na makasama sa IEP ang mga serbisyong kinakailangan ng iyong anak upang tumanggap ng FAPE. Hindi pinapayagang gumawa ng mga desisyon ang ARD committee batay sa boto ng karamihan. Dapat magpahiwatig ang IEP kung sumasang-ayon o hindi ang administrador sa mga desisyon ng ARD committee.

Kung hindi ka sang-ayon sa mga desisyon ng ARD committee, hahandugan ka ng isang pagkakataong magkaroon ang komite ng recess ng ilang panahon na hindi hihigit sa 10 araw ng pagpasok maliban kung ikaw at ang paaralan ay nagkasundong hindi. Kung tatanggapin mo ang alok na mag-recess at muling magmeeting, kailangang i-iskedyul ng ARD committee ang muling pagmi-meeting sa pinagkasunduang oras at lugar. Gayunpaman, kung ang presensya ng iyong anak sa kampus ay nagpapakita ng panganib ng pisikal na pinsala sa iyong anak o sa iba, o kung ang iyong anak ay nakagawa ng pagkakasala kung saan maaari siyang ma-expell o maaaring humantong sa isang pagkakatagay sa isang programa ng alternatibong edukasyon sa disiplina, ang komite ng ARD ay hindi kailangang mag-recess at muling magtipon kahit na hindi ka sumasang-ayon sa mga desisyon ng komite ng ARD.

Sa panahon ng recess, dapat isaalang-alang ng mga miyembro ng komite ng ARD ang mga alternatibo, mangalap ng karagdagang impormasyon, maghanda ng karagdagang dokumentasyon, at/o kumuha ng mga karagdagang resource person na maaaring tumulong upang magkasunod ang komite ng ARD. Kung mag-meeting na muli ang ARD committee at patuloy kang hindi sumang-ayon, maliban kung ang hindi pagsang-ayon ay patungkol sa unang pagkaloob ng mga serbisyo na nangailangan ng pahintulot, kailangang ipatupad ang IEP na pinagpasiyahan ng paaralan na nararapat sa bata.

Kapag walang napag-kasunduan, kailangang mapasama sa IEP ang isang nakasulat na pahayag na base ng hindi pagkaka-unawaan. Kung hindi ka sumasang-ayon sa pagpapasiya ng ARD committee, kailangang handugan ka ng pagkakataong magsulat ng iyong sariling pahayag ng hindi pagsang-ayon. Kailangang pagkalooban ka ng paaralan na paunang nakasulat na paunawa ng hindi bababa sa limang araw ng pagpasok bago mapatupad ang IEP, maliban kung ikaw ay sumang-ayon sa mas maikling timeframe.

Maaari ding piliin ng ARD committee na mag-recess para sa mga kadahilanang maliban sa pagkabigo na makakuha ng pagsang-ayon sa lahat ng hinihingininh elemento ng IEP.

Kopya ng IEP

Ang paaralan ay kailangang bigyan ka ng libreng kopya ng IEP ng iyong anak. Sa ilalim ng 19 TAC §89.1055(r), kung hindi ka marunong mag-Ingles at ang iyong katutubong wika ay Espanyol, dapat magbigay ang paaralan ng nakasulat na kopya o audio recording ng IEP ng iyong anak na isinalin sa Espanyol. Kung hindi ka marunong mag-Ingles at ang iyong katutubong wika ay hindi Espanyol, dapat magsikap ang paaralan na magbigay ng nakasulat na kopya o audio recording ng IEP ng iyong anak na isinalin sa iyong sariling wika. Kung hindi ka makapagsalita ng English at ang iyong katutubong wika ay hindi nasusulat na wika, kailangang gumawa ng hakbang ang paaralan upang tiyakin na ang IEP ng iyong anak ay naisalin sa salita o sa ibang paraan sa iyong katutubong wika. Ang nakasulat na pagsasalin ay ibig sabihing lahat ng salita sa IEP ng iyong anak ay naisalin sa nakasulat na anyo. Maaring magbigay ang paaralan sa inyo ng audio na record ng meeting ng ARD committee kung ikaw ay tutulungan ng isang tagapagsalin o ng isang pagsasalin ng meeting, kung lahat ng nilalaman sa IEP ng iyong anak ay isinalin sa salita at nakarekord.

Dapat gawin ng paaralan ang lahat ng makatwirang aksyon na kinakailangan upang matiyak na nauunawaan ng isang magulang ang mga paglilitis sa pulong ng komite ng ARD, kabilang ang pagbibigay ng interpreter para sa mga magulang na bingi o mahina ang pandinig o na hindi Ingles ang katutubong wika.

Pagrerepaso ng IEP

Kailangang mag-meeting isang beses nang kahit minsan man lang sa isang taon ang ARD committee para repasuhin ang IEP ng iyong anak at maipasiya kung ang mga taunang mithiin ay natutupad. Maaari ding mag-meeting ang ARD committee nang mas madalas kaysa taunan para mabago ang IEP ng iyong anak, kung naaangkop, para matalakay ang:

- Anumang kawalan ng inaasahang pag-unlad patungo sa taunang layunin at sa pangkalahatang kurikulum;
- Mga resulta ng anumang muling pagsusuri;
- Impormasyon patungkol sa bata na ipagkakaloob, o pinagkaloob, ng mga magulang;
- Mga inaasahang pangangailangan ng bata; o
- Iba pang bagay.

Maaari kang humiling ng isang meeting ng ARD committee para talakayin ang mga alalahanin sa edukasyon ng iyong anak. Kailangan mong ibigay sa paaralan ang iyong nakasulat na kahilingan na mag-meeting o, sa loob ng limang araw ng pagpasok, bigyan ka ng nakasulat na paunawa na nagpapaliwanag kung bakit tumatangi ang paaralan na mag-meeting. Kung hindi ka makapagsalita ng English, kailangang magbigay ang paaralan ng paunawa sa iyong katutubong wika, maliban kung sadyang hindi maaari na gawin ito. Kung ang iyong katutubong wika ay hindi nakasulat na wika, kailangang gumawa ng hakbang ang paaralan upang tiyakin na ang paunawa ay naisalin sa salita o sa ibang paraan upang maintindihan mo ang paunawa.

Maaari kayong magsang-ayon ng paaralan na gumawa ng pagbabago sa IEP ng hindi magmi-meeting ang komieng ARD. Gayunpaman, ang mga pagbabago sa pagtitiyak ng pagiging kwalipikado, pagbabago sa pagtatakda, at mga pagtitiyak sa mga pagpapakita (manifestation determinations) ay kailangang magawa sa meeting ng ARD committee. Kung baguhin ang IEP sa labas ng meeting ng ARD committee, kailangang may nakasulat na dokumento na nagpapamalas ng pinagkasunduan na pagbabago. Sa kahilingan, kailangang pagkalooban ka ng paaralan ng kopya ng binagong IEP na nakasali na ang mga pagbabago. Bilang karagdagan, kailangang masiguro ng paaralan na ang ARD committee ng bata ay nasabihan tungkol sa mga pagbabago.

Muling Pagsusuri (Reevaluation)

Kapag nagsimula nang tumanggap ang iyong anak ng special education at mga kaugnay na serbisyo, kinakailangan ang mga pana-panahong muling pagsusuri. Dapat sikapin ng paaralan na makuha ang iyong pahintulot para sa muling pagsusuri. Kung mabigo kang tumugon kahit na may risonableng pagsisikap, maaaring magsagawa ang paaralan ng muling pagsusuri ng walang pahintulot mo. Kung tumanggi kang magbigay ng pahintulot para sa muling pagsusuri ng iyong anak, maaari ang paaralan, ngunit hindi inuobligang humingi ng isang intervention o humiling ng isang kinakailangang proseso ng pagdinig na mangingibabaw sa iyong kawalan ng pahintulot sa muling pagsusuri. Hindi lumalabag ang paaralan sa kanyang child find duty o obligasyon na suriin ang iyong anak kung ang paaralan ay hindi humingi na pangibabawan ang iyong pagtanggap sa pagpapahintulot sa muling pagsusuri.

Ang muling pagsusuri ay kagaya ng paunang pagsusuri. Kailangang maging komprehensibo ang muling pagsusuri nang sapat para maipasiya kung ang iyong anak ay patuloy na isang batang may kapansanan at ang mga pangangailangan ng iyong anak sa pag-aaral. Maliban kung iba ang mapagkasunduan ninyo ng paaralan, kailangang gumawa ng muling pagsusuri sa mga pangangailangan ng iyong anak nang hindi bababa sa kada tatlong taon. Hindi hihigit sa isang muling pagsusuri ang maaaring mangyari sa loob ng isang taon maliban kung iba ang mapagkasunduan ninyo ng paaralan.

Dapat isagawa ang review of existing evaluation data (**REED**) bilang bahagi ng isang paunang pagsusuri, kung naaangkop, at isang REED ay dapat mangyari bilang bahagi ng anumang muling pagsusuri ng isang bata sa ilalim ng IDEA. Hindi kinakailangan ng paaralan na hingin ang iyong pahintulot para repasuhin ang datos ng umiiral na pagsusuri. Dapat isagawa ang REED ng multidisciplinary team kung ito ay isang paunang pagsusuri, o ng ARD committee kung isang muling pagsusuri, kasama ka, ngunit hindi ito kailangang maganap sa isang pulong. Kailangang repasuhin ng mga miyembro ang datos tungkol sa iyong anak, pati na ang mga impormasyon na iyong ibinigay, para matukoy ang saklaw ng pagsusuri o muling pagsusuri.

Kung tumatanggap na ang iyong anak ng special education at mga kaugnay na serbisyo, magpapasya ang ARD committee kung anong karagdagang pagsusuri, kung meron man, ang kailangan upang matiyak kung gagawa ng mga pagdadagdag o pagbabago sa special education at mga kaugnay na serbisyo ng iyong anak.

Kung magdesisyon ang ARD committee na hindi na kailangan ng karagdagang pagsusuri upang maipasiya kung patuloy na kinakailangan ng iyong anak ang special education at kaugnay na mga serbisyo, kailangang ipaliwanag sa iyo ang mga dahilan para sa desisyong ito. Pagkatapos ipaliwanag kung bakit natiyak ng ARD committee na sapat na ang datos sa umiiral na pagsusuri, hindi na kailangang magdaos ng paaralan ng bagong pagsusuri para makumpleto ang isang kinakailangang muling pagsusuri maliban kung hinihiling mo na gawin ito ng paaralan.

Independent Educational Evaluation (IEE)

Kung hindi ka sang-ayon sa isang pagsusuri o muling pagsusuri ng paaralan, maaari kang humiling ng isang IEE, na gagastusan ng paaralan. Kailangan kang bigyan ng paaralan ng impormasyon kung saan makakakuha ng isang IEE at kailangan kang mabigyan ng kopya ng pamatayan ng paaralan sa pagkuha ng IEE. Kailangang makatugon ang IEE sa mga pamantayan ng paaralan. Kung hihiling ka ng IEE, kailangang bayaran ng paaralan ang IEE, nang walang di-kinakailangang pagkaantala, o humiling ng legal na proseso ng pagdinig upang maipakita na ang pagsusuri nila ay angkop. May karapatan ka sa isa lamang na IEE na bayad ng publiko sa bawat oras na magsagawa ng pagsusuri ang isang paaralan. Kung humiling ng pagdinig ang paaralan at ang opisyal sa pagdinig o hearing officer ay nagpasiya na ang pagsusuri ng paaralan ay nararapat, may karapatan ka pa rin para sa isang IEE, ngunit hindi ito babayaran ng paaralan. Ang mga impormasyon na makukuha sa IEE na pumapasa sa panuntunan ng paaralan ay kailangang isaalang-alang ng ARD committee batay sa tustos ng isang FAPE na walang kinalalaman sa kung binayaran ng paaralan ang IEE.

Pagbawi ng Pahintulot para sa Mga Serbisyo

Gaya ng iyong kapangyarihan na magbigay ng pahintulot sa unang tustos ng special education at kaugnay na mga serbisyo, may karapatan ka ring bawiin ang iyong pahintulot para sa mga serbisyo. Ang iyong pagbawi ng pahintulot ay kailangang nakasulat. Sa oras na matanggap ng paaralanan iyong nakasulat na pagbawi, kailangang respetuhin nila ang iyong kapasiyahan. Gayunpaman, bago putulin ng paaralan ang mga serbisyo, kailangang magkaloob sila sa iyo ng isang paunang nakasulat na paunawa na ititigil na ang mga serbisyo. Bagamat kailangang putulin ng paaralan ang mga serbisyo, hindi obligado ang paaralan na baguhin ang pangedukasyon na record ng iyong anak upang matanggal ang anumang tumutukoy sa mga dating serbisyo ng special education at kaugnay na serbisyo sa nakaraan.

Kung babawiin mo ang iyong pahintulot para sa patuloy na pagkaloob ng special education at mga kaugnay na serbisyo, hindi magiging kwalipikado ang iyong anak sa alinman sa mga proteksyon sa ilalim ng IDEA. Higit pa rito, kung babawiin mo ang iyong pahintulot para sa mga serbisyo, maaaring hindi humiling ang paaralan ng pamamagitan, o angkop na proseso ng pagdinig sa pagtatangkang baguhin o kuwestyonin ang iyong desisyon.

Pagtatapos (Graduation)

Isa sa mga layunin ng public education system (pampublikong sistema sa edukasyon) sa Texas na ang lahat ng estudyante ay manatili sa paaralan hanggang makakuha sila ng high school diploma. Kailangang makamit ng estudyante ang ilang pamantayan (standards) upang makapag-tapos na may regular na high school diploma. Para sa isang batang tumatanggap ng special education at kaugnay na mga serbisyo, kailangang sumunod ang paaralan sa ilang pamamaraan kapag naghahandang pagtapusin ang isang estudyante o wakasan ang special education at kaugnay na mga serbisyo ng estudyante dahil hindi na tumutugon ang estudyante sa kwalipikadong edad. Bilang karagdagan, may mahalagang ginagampanan ang ARD committee sa ilang pagpapasya na may kaugnayan sa pagtatapos.

Sa ilalim ng IDEA, ang special education at mga kaugnay na serbisyo ay dapat na magagamit ng isang kwalipikadong bata o nasa hustong gulang na mag-aaral hanggang siya ay makapagtapos o lumampas sa mga kinakailangan sa pagiging kwalipikado sa edad para sa isang libreng naaangkop na pampublikong edukasyon sa ilalim ng batas ng estado, na edad 21 sa Texas o hanggang sa ika-22 kaarawan ng mag-aaral. Ang isang nasa hustong gulang na mag-aaral na tumatanggap ng special education at mga kaugnay na serbisyo na 21 taong gulang sa Setyembre 1 ng isang taon ng pag-aaral ay kwalipikado para sa mga serbisyo hanggang sa katapusan ng taon ng pag-aaral o hanggang sa graduation na may diploma sa high school batay sa pagtugon sa mga pamantayan ng kurikulum at mga kinakailangan sa kredito na naaangkop sa mga mag-aaral sa general education, alinman ang mauna.

Kapag nagwakas ang pagiging kwalipikado ng iyong anak o nasa hustong gulang na mag-aaral para sa special education dahil sa pagtatapos na may diploma sa high school o dahil sa paglampas sa pagiging kwalipikado sa edad para sa special education at mga kaugnay na serbisyo, ang paaralan ay dapat magbigay sa iyo ng paunang nakasulat na paunawa ng pagwawakas ng mga serbisyo. Atsaka, kailangan ring bigyan ng paaralan ang bata o estudyanteng nasa hustong gulang ng isang buod ng kanyang natamo sa academic achievement at functional performance.

Ang isang bata o nasa hustong gulang na mag-aaral na tumatanggap ng special education at mga kaugnay na serbisyo ay maaaring magtapos at gawaran ng diploma sa high school sa pamamagitan ng pagtugon sa parehong mga pamantayan ng kurikulum at mga kinakailangan sa kredito na naaangkop sa mga mag-aaral sa general education, pati na rin ang pagpasa sa mga kinakailangang pagtatasa ng estado (na maaaring kabilang ang mga sitwasyon kung saan sinubukan ng mag-aaral ngunit nabigo na makamit ang kasiya-siyang pagganap sa hindi hihigit sa dalawa sa mga kinakailangang pagtatasa ng estado).

Ang lahat ng magtatapos na mag-aaral na kwalipikado para sa special education at mga kaugnay na serbisyo na ang pagiging kwalipikado ay natapos dahil sa paggawad ng diploma sa high school ay dapat bigyan ng buod ng akademikong tagumpay at pagganap ng pagganap. Ang buod na ito ay dapat magsaalang-alang, bilang nararapat, ng pananaw ng magulang at estudyante at mga nakasulat na rekomendasyon mula sa serbisyo ng mga ahensya para sa nasa hustong gulang kung paano sasaklohan ang estudyante para makamit ang mga postsecondary na layunin. Para sa ilang estudyante, dapat kasama sa buod ang pagsusuri sa estudyante.

Ang isang bata o nasa hustong gulang na mag-aaral na nakakatugon sa mga kinakailangan para sa pagtatapos alinsunod sa 19 TAC 89.1070(b)(2) o (b)(3)(A), (B), o (C) at wala pang edad 22 ay may karapatan pa rin sa isang libreng naaangkop na pampublikong edukasyon sa ilalim ng IDEA. Ang bata, sa ilang sitwasyon, ay maaaring bumalik sa paaralan at tumanggap ng mga serbisyo hanggang sa katapusan ng taong panuruan kung kailan aabot siya sa edad na 22. Kung ang iyong anak ay gustong bumalik pagkatapos matugunan ang mga kinakailangan para sa pagtatapos at mabigyan ng diploma, dapat tukuyin ng komite ng ARD ang mga kinakailangang serbisyong pang-edukasyon.

Disiplina

May mga espesyal na panuntunang angkop sa mga aksyon sa pagdidisiplinang ginagawa sa isang batang may kapansanan. Karaniwan na, ang isang batang may kapansanan ay hindi maaaring alisin mula sa kanyang kasalukuyang educational placement nang mahigit 10 magkakasanod na araw ng pasukan sa paaralan kung ang maling asal ay may kaugnayan sa kanyang kapansanan. Dagdag pa riyan, may ilang sitwasyon sa pagdidisiplina na nangyayari patungkol sa isang estudyanteng may kapansanan na nagiging dahilan para mag-meeting ang ARD committee.

Panandaliang Pagtatanggal

Maaaring tanggalin ng mga opisyal ng paaralan ang iyong anak sa kanyang pangkasalukuyang pagtatalagang pang-edukasyon kung ang iyong anak ay lumabag sa kodigo ng pag-asal ng estudyante (code of student conduct). Ang pagkakatanggal na ito ay maaaring sa nararapat na pansamantalang alternatibong kalagayang pang-edukasyon o interim alternative educational setting (IAES), isa pang kalagayan, o pagsuspindi ng hindi hihigit sa 10 magkakasanod na araw ng pagpasok (sa maaabot na ang parusa o disciplinary measure ay gagamitin sa mga batang walang kapansanan); at, para sa karagdagang pagtatanggal ng hindi hihigit sa 10 magkakasanod na araw ng pagpasok sa taon ng pagpasok na iyon para sa magkaibang insidente ng maling asal (bastat ang pagtatanggal ay hindi nangangahulugang pagbabago ng pagtatakda). Madalas na tinatawag itong *10-day rule*.

Ang nagdidisiplinang mga pagtatanggal sa loob ng 10 magkakasanod na araw ng pasukan sa paaralan o wala pa ay hindi nagiging dahilan para mag-meeting ang ARD committee, maliban kung ang pagtatanggal ay binubuo ng isang pagbabago sa mga placement. Ang distrito ng paaralan ay hindi nagbibigay ng mga serbisyo sa isang batang may kapansanan o isang batang walang kapansanan na natanggal mula sa kanyang kasalukuyang placement sa loob ng 10 araw ng pasukan sa paaralan o wala pa sa taong panuruang iyon.

Mga Naipong Pagtatanggal na Bumubuo ng 10 Araw o Mahigit Pa

Maaaring mag-utos ang mga opisyal ng paaralan ng maiksing panahong pagtatanggal sa taon ng pasukang rin na iyun para sa mga magkaibang insidente ng maling pag-asal, basta't ang pagtatanggal ay hindi nangangahulugan ng pagbabago sa pagtatakda. Pagkatapos na natanggal ang iyong anak ng 10 naipong araw ng pagpasok sa taon ng pasukang iyun, kung ang pangkasalukuyang pagtatanggal ay para sa hindi hihigit sa 10 magkakasanod na araw ng pagpasok at hindi ito pagbabago ng pagtatalaga, kailangang magkaloob ang paaralan ng mga serbisyo upang mabigyan ng pagkakataon ang iyong anak na magpatuloy sa paglahok sa kurikulum ng pangkalahatang edukasyon, kahit na sa ibang kalagayan, at upang umunlad patungo sa pagkamit ng mga layunin na isinaad ng IEP ng iyong anak. Sapat sumangguni ang mga tauhan ng paaralan sa hindi bababa sa isa sa mga guro ng iyong anak upang magpasya kung aling mga serbisyo ang kailangan. Tandaan na kinakailangan ng IDEA sa 34 CFR §300.530(d)(5) na ang ARD committee ang magpapasiya sa angkop na mga serbisyo kung ang pagtatanggal ay isang pagbabago sa placement.

Pagbabago sa Placement

Ang pagtatanggal ng isang bata na may kapansanan sa kanyang pangkasalukuyang pang-edukasyong pagtatalaga ay isang *pagbabago ng pagtatalaga* kung ang pagtatanggal ay para sa higit pa sa 10 magkakasanod na araw ng pagpasok o ang bata ay nagkaroon na ng kabit-kabit ng pagtatanggal na bumubuo na ng huwaran. Nabubuo ang huwaran kapag:

- Ang pagtatanggal ay bumubuo ng higit sa 10 araw ng pagpasok sa isang taon ng pasukan;

- Ang asal ng bata ay karamihang kagaya sa asal niya sa mga nakaraang insidente na nagbunga sa kabit-kabit na pagtatanggal; at
- Ibang mga sanhi gaya ng tagal ng mga pagtanggap, ang kabuuang panahon na natanggal ang bata, at ang pagkakalapit ng pagtatanggal sa isat-isa.

Titiyakin ng paaralan base sa bawat kaso (case-by-case basis) kung ang huwaran ng pagtatanggal ay tumutumbas sa pagbabago ng pagtatalaga. Maaari mong kuwestiyonin ang desisyon ng paaralan tungkol sa kung ang isang pattern ng pagtanggap ay naganap sa pamamagitan ng isang angkop na proseso ng pagdinig at hudisyal na mga paglilitis.

Kung iminungkahi ng paaralan ang isang pagtanggap na bubuo ng pagbabago ng pagkakalagay, ang mga opisyal ng paaralan ay dapat na ipaalam sa iyo ang desisyon na iyon at bigyan ka ng isang kopya *Notice of Procedural Safeguards* ([Link: fw.escapps.net](http://fw.escapps.net)). Kailangang maisagawa ito sa petsa kung kailan ginawa ang pagpapasiya para mabago ang pagtatalaga ng bata. Bilang karagdagan, kailangang mag-meeting ang ARD committee upang magsagawa ng tinatawag na manifestation determination (pagtitiyak na pagpapakita). Ang meeting na pagpapakita ng determinasyon ay kailangang mangyari sa loob ng 10 araw ng pasukan sa paaralan ng petsa kung kailan ginawa ang desisyon para baguhin ang placement ng bata.

Pagtitiyak na Pagpapakita

Kapag nagsasagawa ng *manifestation determination*, kailangang pagbalik-aralan ng ARD committee ang lahat ng nauukol na impormasyon sa file ng iyong anak, kasama na ang IEP, anumang mga puna ng guro, at anumang nauukol na impormasyon na ipinagkaloob mo upang matiyak:

- Kung ang kinekwestyong asal ay sanhi ng, o may hayagan at may lamang kaugnayan sa kapansanan ng iyong anak; o
- Kung ang kinekwestyong asal ay hayagang resulta ng pagkabigo ng paaralan na isagawa ang IEP.

Kung matiyak ng ARD committee kung anumang kundisyon ang makamit, ang asal ay pagpapakita ng kapansanan ng bata. Kung matiyak ng ARD committee na ni isa sa mga kundisyon ang nakamit, sa gayun ay hindi pagpapakita ng kapansanan ng bata ang asal.

Kapag ang Asal ay Isang Pagpapakita

Kapag ang asal ay pagpapakita ng kapansanan ng iyong anak, kailangang isagawa ng ARD committee ang alinman sa dalawa:

- Magsagawa ng functional behavioral assessment (**FBA**), maliban kung nagsagawa na ang paaralan ng FBA bago pa naganap ang pagbabago ng pagkatalaga na sanhi ng asal, at magsagawa ng BIP; o
- Kung mayroon ng BIP, pagbalik-aralan ang BIP at baguhin ito kapag kinakailangan upang matugunan ang asal.

Bilang karagdagan, kailangang ibalik ng ARD committee ang iyong anak sa pagkatalaga kung saan siya tinanggal maliban kung:

- Kapwa kayo ng paaralan ay sumang-ayon na baguhin ang pagkatalaga bilang parte ng pagbabago ng BIP ng iyong anak; o
- Ang pagkalabag ng iyong anak sa tuntunin ng pag-asal ng estudyante ay may kinalaman sa isa sa mga espesyal na kalagayan na inilarawan sa ibaba.

Kung pagpasiyahan ng ARD committee na ang asal ng iyong anak ay sanhi ng pagkabigo ng paaralan na isagawa ang IEP, kailangang gumawa kaagad ng mga hakbangin upang maremedyuhan ang mga kakulangan.

Kapag Ang Asal ay Hindi Pagpapakita

Kung ang asal ay hindi pagpapakita ng kapansanan ng iyong anak, maaaring disiplinahin ng mga tauhan ng paaralan ang iyong anak gaya ng ibang bata, liban lang na kailangan pa ring magpatuloy ang mga nararapat na serbisyong pang-edukasyon. Titiyaking ng ARD committee ng bata ang IAES kung saan paglilingkuran ang bata.

Espesyal na Kalagayan

Maaaring tanggalin ng opisyal ng paaralan ang iyong anak sa IAES hanggang sa 45 araw ng pagpasok ng walang pagbibigay-pansin sa kung ang asal ay pagpapakita ng kanyang kapansanan sa mga kaso kung saan ang iyong anak ay:

- Magdala o umangkin ng sandata sa paaralans, sa bakuran ng paaralan, o sa isang pagtitipon ng paaralan;
- May buong kaalamang nag-aangkin o gumagamit ng bawal na gamot o nagbebenta o bumibili ng mga kontroladong gamot (controlled substance) habang nasa paaralan, nasa bakuran ng paaralan, o nasa pagtitipon ng paaralan; o
- Nagdulot ng siryosong pinsala sa katawan sa ibang tao habang nasa paaralan, sa bakuran ng paaralan, o sa pagtitipon ng paaralan.

Titiyakin ng ARD committee ang IAES kung saan pagkakalooban ng serbisyo ang bata.

Mga Proteksyon sa mga Bata na Hindi pa Natitiyak Kung Kwalipikado para sa Special Education at Kaugnay na mga Serbisyo

Kung hindi pa natitiyak kung kwalipikado ang iyong anak para sa special education at mga kaugnay na serbisyo ngunit siya ay gumawa na ng pag-asal na lumabag sa koda ng asal ng estudyante, ang iyong anak ay may karapatan sa mga pamamaraang proteksyon (procedural protections) sa IDEA kung may kaalaman ang paaralan na ang iyong anak ay batang may kapansanan bago naganap ang pag-asal. Ang karagdagang impormasyon tungkol sa paksang ito ay matatagpuan sa *Notice of Procedural Safeguards* ([Link: fw.escapps.net](http://fw.escapps.net)).

Pinabilis na Kinakailangang Proseso ng Pagdinig (Expedited Due Process Hearing)

Kung hindi ka sumasang-ayon sa pagpapasya patungkol sa pagtatalaga sa isang IAES o pagtitiyak ng pagpapakita (manifestation determination), maaari kang humiling ng expedited due process hearing. Maaari ding humiling ang paaralan kung nais nilang hamunin ang pagbalik ng iyong anak sa paaralan pagkatapos na matiyak ng ARD committee na ang kanyang asal ay pagpapakita ng kanyang kapansanan.

Pagtutol sa Kapasyahan (Dispute Resolution)

May mga pagkakataon na may tututol ukol sa pagkilala, pagsusuri, pang-edukasyong pagkatalaga, o pagtustos ng FAPE sa iyong anak na may kapansanan. Kung magkaroon ng hindi pagsang-ayon, ikaw ay hinihimok na makipagtrabaho sa tauhan ng paaralan upang maayos ang mga di-pagkaka-unawaan kapag ito ay naganap. Maaari mong tanungin ang paaralan kung anong ang hinahandog nito sa mga magulang. Ang TEA ay naghahandog ng apat na pormal na pagpipilian sa pag-aayos ng mga di-pag-kakaunawaan patungkol sa special education: pagpapadali ng IEP sa estado, intervention services, ang special education complaint resolution process (prosesong pang-special education na paglutas ng reklamo), at ang programa ng kinakailangang proseso ng pagdinig.

Ang impormasyon tungkol sa mga opsyon sa paglutas ng hindi pagkakaunawaan ng TEA ay matatagpuan sa *Notice of Procedural Safeguards* ([Link: fw.escapps.net](http://fw.escapps.net)). Ang karagdagang impormasyon ay makikita sa website ng TEA sa sumusunod na URL: ([Link: bit.ly/3bL6n73](http://bit.ly/3bL6n73)).

Karagdagang Tulong

Para sa kumpletong listahan ng mga kahulugan ng mga acronyms natatagpuan sa dokumentong ito, bumisita sa ([Link: bit.ly/3oIsKNS](http://bit.ly/3oIsKNS)).

Available din ang mga kopya ng dokumentong ito sa ibang mga wika sa website ng SPEDTex ([Link: bit.ly/3qorCzg](http://bit.ly/3qorCzg)).

Maaari ka ring humiling ng isang kopya mula sa school counselor o sa special education department ng paaralan.